FILIPINO

FECCA
Federation of Ethnic Communities' Councils of Australia

May mga ideya ka ba kung paano mapapagbuti ang mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Matatanda (Aged Care Services) para sa mga taong may migrante at refugee na pinagmulan?

Ang Royal Commission sa Kalidad at Kaligtasan ng Pangangalaga ng Matatanda (Royal Commission into Aged Care Quality and Safety) ay nais makarinig mula sa iyo!

PROYEKTONG PINONDOHAN NG KAGAWARAN NG KALUSUGAN NG PAMAHALAAN NG AUSTRALYA

1. ANO ANG ROYAL COMMISSION SA KALIDAD AT KALIGTASAN NG PANGANGALAGA NG MATATANDA?

- Noong Oktubre 2018, ang Pamahalaang Australya ay nagtatag ng Royal Commission upang siyasatin kung gaano kahusay inaalagaan ang matatanda ng mga organisasyon at mga serbisyong nangangalaga sa matatanda (ito ay tinatawag na pangangalaga ng matatanda). Ang Royal Commission ay independiyente sa Pamahalaan.
- Ang Royal Commission ay dapat makakuha ng mas maraming impormasyon hangga 't maaari kung ano ang mga problema, ano ang gumagana nang mabuti, at mga ideya para sa mga pagbabago sa hinaharap.
- Noong Oktubre 2019, ang Royal Commission ay naglathala ng pansamantalang ulat na naglalarawan ng karamihan sa mga suliranin sa pangangalaga ng matatanda na ibinahagi sa kanila ng mga tao.
- Nais nila ngayon na ibahagi sa kanila ng mga tao ang kanilang mga ideya upang mas mapahusay pa ang pangangalaga ng matatanda. Kung mayroon kang ilang mga ideya, kailangan mo itong ibahagi sa kanila bago sumapit ang **30 Hunyo 2020.**
- Pagkatapos nito, ang Royal Commission ay magbibigay ng panghuling ulat sa Pamahalaang Australya bago sumapit ang Nobyembre 2020. Kasama sa ulat na ito ang mga rekomendasyon upang mas mapahusay ang pangangalaga ng matatanda para sa lahat.
- Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa Royal Commission sa higit sa 30 mga wika sa https://agedcare.royalcommission.gov.au/about/Pages/other-languages.aspx

2. BAKIT MAHALAGA NA IBAHAGI KO SA ROYAL COMMISSION ANG AKING PALAGAY TUNGKOL SA PANGANGALAGA NG MATATANDA?

- Narinig na ng Royal Commission na madalas na kumplikado at mahirap para sa ilang tao na may migrante o refugee na pinagmulan, o mga taong hindi gaanong nagsasalita ng Ingles, ang maghanap at gumamit ng mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda.
- Narinig din nila na pakiramdam ng ilang tao ay hindi nauunawaan ng ilang organisasyon ang kanilang mga pangangailangang pangkultura o pang-relihiyon.
- Nais ngayon ng Royal Commission na sabihin sa kanila ng mga tao na may migrante o refugee na pinagmulan o ng kanilang mga pamilya at mga kaibigan kung paano mas mapapahusay ang pangangalaga ng matatanda para sa kanila sa hinaharap.
- Nauunawaan ng Royal Commission na maaaring mahirapan ang ilang tao na hindi nagsasalita ng Ingles na sabihin sa kanila kung ano ang kanilang iniisip.
- **Ito ang dahilan kung bakit ang Royal Commission ay nagbabayad ng mga interpreter o tagasaling-wika na pasulat; nang sa gayon ay maibahagi ng mga tao ang kanilang mga ideya gamit ang sarili nilang wika.**
- **Ito ang iyong pagkakataon upang sabihin kung ano ang iyong iniisip! Kung maraming tao ang gagawa nito, ang pangangalaga ng matatanda ay maaaring maging mas mahusay para sa lahat.**

3. PAANO KO SASABIHIN SA ROYAL COMMISSION ANG AKING MGA IDEYA UPANG MAGING MAS MAHUSAY ANG PANGANGALAGA NG MATATANDA?

- Maaari mong ibahagi ang iyong mga ideya sa Ingles o **sa iyong sariling wika** sa pamamagitan ng telepono, sa sulat o sa isang audio o video recording.
- **Hindi mo kailangang** ibigay sa kanila ang iyong pangalan, address o numero ng telepono. Kailangan mong sabihin sa kanila kung ano ang iyong wika, at kung hindi mo gustong isapubliko ang iyong pangalan at/o mga detalye ng kontak.
- Makakatulong sa iyo ang isang kapamilya o kaibigan. Maaari mo ring sabihin sa kanila kung ano ang gusto mong sabihin, at maaari silang makipag-ugnay sa Royal Commission para sa iyo.

- Maaari kang tumawag sa 1800 960 711.
- Ang Royal Commission ay kukuha ng interpreter kung kailangan mo nito.
- Isusulat ng interpreter sa wikang Ingles kung ano ang iyong sasabihin. **Ang serbisyong ito ay libre.**
- Ang interpreter ay tatawag sa iyo pagkaraan ng ilang saglit upang kumpirmahin kung tama ang mga detalye na isinulat niya.

- Maaari kang sumulat ng liham o magpadala ng email.
- Ang iyong impormasyon ay maaaring simple lang at maikli.
- Maaari kang sumulat sa iyong sariling wika.
- Isusulat ito sa wikang Ingles ng tagapagsaling-wika na pasulat. **Ang serbisyong ito ay libre.**
- Maaari mong ipadala ang iyong kuwento
  - sa pamamagitan ng koreo sa:
    Royal Commission, GPO Box 1151, Adelaide, South Australia, 5001
  - sa pamamagitan ng email sa:
    ACRCenquiries@royalcommission.gov.au
- Ipapaalam nila sa iyo sa iyong wika kung natanggap na nila ang iyong mga ideya.

- Maaari kang kumuha ng isang tao na magrerekord sa iyo sa iyong wika (audio o video).
- Ang pagrekord ay hindi dapat hihigit sa 25MB. Kung ito ay mas mahaba, maaari mong ipadala ito nang baha-bahagi.
- Isang tagasaling-wika na pasulat ang magsasalin ng iyong sinabi sa wikang Ingles. Ang serbisyong ito ay libre.
- Maaari mong ipadala ang rekording sa pamamagitan ng
  - email sa:
    ACRCenquiries@royalcommission.gov.au
  - sa pamamagitan ng post sa:
    Royal Commission, GPO Box 1151, Adelaide, South Australia, 5001
- Ipapaalam nila sa iyo sa iyong wika kung kailan nila natanggap ang iyong recording.

Maaaring ilagay ng Royal Commission sa kanilang website kung ano ang sinasabi ng ilang mga tao sa kanila.

- Maaari mong sabihin sa kanila kung ayaw mo ang ganito.
- Maaari mo ring sabihin sa kanila na maaari nilang ilagay sa kanilang website ang mga sinasabi mo, ngunit hindi ibabahagi ang iyong pangalan.

TANDAAN!

Kung mayroon kang ilang mga ideya, dapat mong sabihin ito sa Royal Commission **bago sumapit ang 30 Hunyo 2020.**

Salamat sa tulong upang mas mapahusay ang pangangalaga ng matatanda para sa lahat ng mga Australyano!

FECCA

FECCA National Office
Unit 1, 4 Phipps Close
DEAKIN ACT 2605

PO Box 344
CURTIN ACT 2605

T +61 02 6282 5755
E admin@fecca.org.au

www.fecca.org.au